Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 1,2009 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M.Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Ronelle G. Feranil | - | SK Fed. President |

x-----------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 09-09-100

**RESOLUSYONG NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT NAULILA NG NAMAYAPANG SI GNG. JULIANA M. ASTILLO, MAY-BAHAY NI KAPITAN VIRGELIO M. ASTILLO, PANGULO, LIGA NG MGA BARANGAY**

**"SAPAGKAT,** noong umaga ng Agosto 24,2009 habang ang Sangguniang Bayan ay nasa kalagitnaan ng sesyon isang malungkot na balitang *si Gng. Juliana M. Astillo, butihing may-bahay ng Pangulo ng Liga ng mga* Barangay Virgelio M. Astillo ay maagang binawian ng buhay sa gulang na 42;

**"SAPAGKAT,** si Juling, tawag ng paggiliw sa kanya ay naging larawan ng isang payak at tradisyunal na babaeng Pilipina, maging siya ay noong hindi pa man nag-aasawa; masunuring anak, mapagmahal na kapatid at tapat na kaibigan;

**"SAPAGKAT,** si Juling rin ang nagsilbing lihim na sandata ng kanyang kabiyak upang makamit ng huli ang tagumpay sa mundo ng pulitika at negosyo; siya ang *nangangasiwa ng araw-araw na pangangailangan ng 5 nilang supling* at ng kanyang kabiyak bilang isang tunay at ulirang ina. Dito ay pinatunayan niyang "Sa bawat tagumpay ng lalaki ay nasa likod ang isang babae";

**"SAPAGKAT,** kahit man lamang sa gunita ay hindi maiiwasang bigyan siya ng papuri sa ipinamalas niyang kasipagan, lawak ng pang-unawa at pagmamahal na ibinigay na hindi naghintay ng anumang kapalit;

**"SAPAGKAT,** gaano pa man kahapdi ang lungkot dulot ng kanyang maagang pagpanaw, na ang puwang na kaniyang iniwan ay tila walang makapupuno *para sa mga puso ng sa kanya ay nagmamahal*, ang tanging

Scanned with CamScanner

makakagaan lamang ay ang pasasalamat na minsan natin siyang nakasama sa yugtong ito ng buhay at; ang pag-asang siya ngayon ay nasa kandungan na ng Maylikha sa langit ng kapayapaan at tiyak na patunguhan ng lahat ng nilalang; Dahil dito, kung kaya't....

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikipagdalamhati sa pamilya at naulila ng namayapang si Gng. Juliana M. Astillo, may-bahay ni Kapitan Virgelio M. Astillo, Pangulo, Liga ng mga Barangay;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Guillermo G. Salas, Jr. na pinangalawahan nina Konsehal Gideon Abuel at Konsehal Rosalinda M. Cabagay, ang kapasyahang ito ay ......

**PINAGTIBAY":** Setyembre 1,2009, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**EMELITA A. OSORIO**
SB Member

**EDUARDO C. ACERON**
SB Member

**ROSALINDA M. CABAGAY**
SB Member

**GIDEON B. ABUEL**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**LEONARDO A. ANDALLON**
SB Member

**RAMON G. MAGBANUA**
SB Member

**SENEN C. FAMILARA**
SB Member

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO C. BALMIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/ Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng nilagdaan: SEPT. 01, 2009

090901/SOB/bme